Environmental Services

# Newsletter ng Basura at Pag-recycle



## Manatiling Makakalikasan Ngayong Panahon ng Bakasyon

Panahon na ng pagbibigay at maligayang palamuti! Kami ay naglista ng ilang mga tip upang matulungan kang manatiling berde ngayong panahon ng bakasyon.

### Magbigay ng higit, bawasan ang basura




- **Mga karanasan tungkol sa mga bagay-bagay**: Magbigay ng regalo ng mga alaala! Ang mga karanasa tulad ng klase sa pagluluto, mga tiket sa konsyerto, o kahit isang araw sa zoo ay pwedeng maging makabuluhan at hindi malilimutan nang hindi nakakagawa ng pisikal na basura.
- **Gawang bahay na mga regalo**: Mula sa pagkaing hinurno o baked goods hanggang sa manu-manong ginawa na mga kandila, ang mga regalo na DIY ay nagdaragdag ng personal na katangian at maaaring iayon sa tatanggap.
- **Segunda manong kayamanan**: Ang mga kakaibang nahahanap sa mga thrift store o mga vintage shop ay gumagawa ng magaganda, sustainable na mga regalo.

## Mga makakalikasang ideya sa pagbalot ng mga regalo



- **Muling gamitin ang mga bag at kahon ng mga regalo**: I-save ang mga bag, kahon at bow mula sa nakaraang holiday upang magamit muli.
- **Subukan ang telang pagbalot**: Furoshiki, isang tradisyunal na Japanese na paraan ng pagbalot gamit ang tela, ay maaaring maging maganda at muling magagamit na alternatibo.
- **Muling gamitin ang mga materyales**: Gumamit ng mga newspaper, mapa o artwork ng mga bata upang mag-wrap ng regalo ng may personal na katangian.
- **Iwasan ang glitter**: Ang pambalot na papel na puno ng glitter ay hindi mare-recycle, kaya piliin na lamang ang simple at nare-recycle na papel.




Pinagsama-sama naming itong **gabay sa holiday** upang matulungan kang pagbukud- bukurin ang iyong mga ribbon, bow, bulaklak, puno, papel pambalot at mga materyal sa pag-impake. Salamat sa inyong bahagi sa pag pag-uuri ng mga bagay sa tamang basurahan! Tinitiyak nito na ang mga recyclable na mga materyales ay maaaring maging bagong item.

Para sa impormasyon sa kung paano mag maayon na itapon ang mga ilaw na palamuti, mantika, mga elektroniko at higit pa, bisitahin ang **WasteFreeSD.org**.

---




# Pag-recycle ng Christmas Tree

Ang mga residente sa Lungsod ng San Diego ay may ilang opsyon para mag-recycle ng mga Christmas tree. Maaari itong hatiin ng pira-piraso at ilagay sa iyong berdeng organic waste na basurahan o idiskarga sa ilang mga lokasyon sa buong lungsod bilang mahagi ng

Programa sa Pag-recycle ng Christmas Tree (Christmas Tree Recycling Program) ng Lungsod.

Upang marecycle sa compost ang iyong puno, pataba o pira-pirasong kahoy, dapat itong magmukhang nasa kagubatan – payak at likas!

## Mga paalala sa berdeng basurahan



- **Panatilihing payak:** Siguraduhing matanggal ang lahat ng mga dekorasyon, ilaw, lambat, palara at mga tree stand.
- **Putulin upang magkasya:** Kung ang iyong Christmas tree ay masyadong Malaki para magkasya sa loob ng berdeng basurahan, kakailanganin mong putulin ito sa maliliit na piraso.
- **Panatilihin itong maluwag:** Ang mga trimmings ng puno at iba pang organikong basura ay **hindi dapat** ilagay sa mga plastic bag o "compostable" o "biodegradable" na mga plastic bag.
- **Iwasan ang pag-apaw:** Kapag punong-puno na ang basurahan at ang takip ay hindi masara, ang mga ito ay maaaring hindi makolekta, dahil ang pag-angat at pag-alis ay maaaring magsanhi ng pagkalat ng materyal sa kalye.

## Mga paalala sa pagdiskarga ng Christmas tree

- **Kailan:** Disyembre 26, 2024 hanggang Enero 16, 2025.
- **Saan:** Maaaring iwanan ng nga residente ang kanila ng mga Christmas tree sa mga itinalagang lugar. Para sa buong listahan, tingnan ang aming website.
- **Ano:** Ang parehong berde at flocked trees (pekeng niyebe) ay tinatanggap.

  **Hindi pinapayagan ang mga dekorasyon, ilaw, bag, tela metalika, artipisyal na puno, komersyal na karga, o lulanan ng pangangalap ng pondo, at mahigpit na ipinagbabawal ang illegal na pagtatapon.**

---



# Mga Paraan para Pahalagahan ang mga Lumang Gamit

Mayroon ka bang mga gamit na hindi mo na kailangan o ginagamit? Konsiderahin na magdonate ng hindi masyadong nagamit na bagay sa mga lokal na donation center sa halip na itapon ang mga ito. Ito man ay damit, laruan, mga electronic o mga gamit sa bahay, ang pagbigay sa kanila ng pangalawang buhay ay nakakabawas sa basura at nagbibigay kasiyahan sa iba. Upang mahanap ang kalapit na mga donation center, tingnan ang **WasteFreeSD.org**. Itong madaling gamitin na tool na ito ay maaaring magbibigay sa iyo ng opsyon sa donasyon, pag-recycle o pagkumpuni.

## Samahan kami sa isang swap event!



Ang mga Swap event ay isang kahanga-hangang paraan para mapaginhawa ang iyong istilo ng bakasyon habang binabawasan ang basura. Sa pag-aanyaya ng aming kasosyo na I Love A Clean San Diego (ILACSD), ang mga kaganapang ito ay nagbibigay daan sa iyo na makipagpalit ng mga gamit na hindi mo na kailangan para sa isang bagay na bago sa iyo. Abangan ang paparating na mga swap event malapit sa iyo sa aming **webpage ng Mga Event**.

## Ipaayos at muling gamitin sa Fixit Clinic



Kung may gamit kang sira ngunit maipapaayos, huwag itong itapon—dalhin ito sa isang **Fixit Clinic** na hino-host ng Zero Waste San Diego. Ang mga klinikang ito ay nag-aalok ng libreng tulong para tulungan kang ayusin ang iba't-ibang uri ng mga bagay, mula sa mga elektroniko at maliliit na mga appliance pati na ang damit at mga bisikleta. Hindi mo lang mai-iiwas sa basurahan ang ang iyong mga yaman na magagamit muli, ngunit matututo ka rin ng mga kombinyenteng kasanayan sa kalaunan! Siguraduhing tingnan ang **webpage ng Mga Event** para sa isang Fixit Clinic malapit sa iyo.

---



# Mga Tips para sa Pag-imbak ng Tira-tirang Pagkain sa Kapistahan

Ang paggawa ng mga pagkain sa kapistahan ay maaaring magbigay ligaya at nostalgia, at ang *pagkain* sa mga masasarap na pagkain at mga treats na ito ay isang highlight ng taon! Sa lahat ng mga the mataong gawain sa kusina, tiyak na magkakaroon ng mga tirang pagkain, kaya mayroon kaming ilang mga tip upang tulungan kang mabawasan ang basura at mag-recycle ng responsable. Subukan kung ano ang pinakamainam sa iyo.

## Huwag sayangin kung anong nalasahan mo!

Habang sinasamsam natin ang mga pagkain sa kapistahan, pakainin natin ang ating sarili at mga kasama, ngunit hindi ang landfill. Una at pinakamahalaga, ilaganap ang kasiyahan sa pamamagitan ng pagbahaghi ng pagkain sa iba o pag-freeze ng natirang pagkain para ibang araw. Ang hindi maiiwasan, hindi makakain na tiring pagkain ay dapat ilagay sa iyong berdeng basurahan upang ito ay maging makalupang abono o renewable na enerhiya.

## Napiling lalagyan



Maaaring kailanganin ang pagtesting para mahanap ang tamang (mga) lalagyan at pamamaraan para sa iyong mga pangangailangan. Maaari kang gumamit ng anumang plastic na lalagyan na may takip tulad ng malaking lalagyan ng yogurt o tub ng ice cream. Nagtagumpay din ang mga tao sa paggamit ng makapal na paper bag o reusable at sealable na mga plastik bag sa kanilang mga freezer. Siguraduhin mo lang na ang plastik bag ay hindi mapupunta sa iyong berdeng basurahan!

## Kaginhawaan sa countertop



Ang isang balde sa kusina sa iyong countertop ang magpapadali ng pagkolekta ng mga bagay bagay na hindi basa gaya ng balat ng itlog, tinapay, mga tortilla at maruming tisyu o paper towel. Maaari mong lagyan ng paper bag ang balde sa kusina o, mga grocery ad o newspaper. Kung may espasyo pa, ang balde sa kusina ay maaaring magkasya sa iyong refrigerator o freezer.

## Ilagay sa ref o patigasin




Inirerekomenda naming ilagay sa ref o i-freezer ang natirang prutas, nasirang keso, inamag o hindi nakain na tiring pagkain, lutong karne at buto, o mga tirang pagkain na maaaring basa at malabsa. Ang pagpapanatiling malamig at selyado ng mga ito ay makakabawas sa amoy at pinalalayo ang mga peste. Ang mga frozen o nilagay sa refrigerator na mga tirang pagkain ay maaaring ilagay sa iyong berdeng basurahan sa gabi bago ang koleksyon o umaga sa araw ng koleksyon ng organikong basura.

Bisitahin ang aming **Mga Bahay na Pinaglilingkuran ng Lungsod (City-Serviced Homes)** o **Mga Bahay na Pinaglilingkuran ng Pribadong Tagahakot) (Private Hauler Serviced Homes)** na mga webpage para sa karagdagang impormasyon sa kung ano ang pwede sa berde, asul at maitim na basurahan.

---




## Gusto Naming Makarinig Mula Sa'yo!

Bilang residente ng Lungsod ng San Diego, sabihin mo sa amin kung paano ka lumalahok sa pag-recycle ng mga organikong basura sa bahay sa pamamagitan ng pagkumpleto sa *maikling survey na ito: **https://forms.gle/Y2dktr2mdk2D5TxP8**

**Ang survey ay naglista ng mga zip codes sa loob lamang ng Lungsod ng San Diego. Kung mayroon kang P.O. Box, piliin ang zip code na pinakamalapit sa iyo.*

---



# Ano Ang Gagawin Sa Mga Baterya?

Pinapaandar ng mga baterya ang marami sa ating mga elektronikong gamit ngunit kapag hindi na ito gumagana, mahalagang itapon ito ng maayos. Ang mga pang-isahang gamit at rechargeable na mga baterya ay naglalaman ng mga kemikal, plastic at mabibigat ng metal. Kapag hindi naitapon ng maayos, ang mga bahagi ng bateryang ito ay maaaring lumiyab at magdulot ng sunog sa inyong basurahan o trak ng nangongolekta.

## Pag-imbak ng baterya

Kapag nag-imbak ng mga baterya, itago ito sa mga ligtas, tuyong lugar at hindi abot ng mga bata. Gumamit ng mga sealable na plastik bag o plastik na lalagyan na may takip. Para sa karagdagang kaligtasan, maglagay ng malinaw na tape sa dulo ng mga baterya. Kung ang baterya ay nasira o may tagas, agad na ilagay ang tumatagas na baterya sa sealable na plastik bag at ihiwalay mula sa ibang mga baterya. Magsuot ng guwantes na nagpoprotekta kapag humahawak ng mga sirang baterya at hugasan ang iyong mga kamay.








## Saan magre-recycle

- **Mga Event ng Isang Araw na Koleksyon sa Lungsod (City's One Day Collection Events)** sa buong taon – paparating na kaganapan sa Sabado, Des. 21, **tingnan ang karagdagang detalye**.
- **Pasilidad ng Paglilipat sa Mapanganib na Basura sa Bahay (HHW) (Household Hazardous Waste (HHW) Transfer Facility)** – **magpa-appointment**.
- **WasteFreeSD.org** – maghanap ng drop-off na lokasyon malapit sa iyo.

**Tandaan na ang mga baterya ay HINDI napupunta sa inyong basurahan o mga recycling bin.**



Kung nailagay sa basurahan o mga recycling bin, maaari itong magdulot ng sunog at malagay sa panganib ang mga manggagawa sa basura at kalinisan. Maaaring maglabas ng nakakalason na kemikal sa ating lupa, hangin at tubig. Ang pagsasagawa ng mga tamang hakbang sa pagtapon at pag-recycle ng mga baterya ay isang panalo para sa ating kalusugan, kapaligiran, at komunidad.

Matuto pa tungkol sa kung paano wastong magtapon o mag-recycle ng nakalalason na basura sa **webpage ng Mapanganib na Basura sa Bahay (Household Hazardous Waste)**. Panuorin ang **video ng Kaligtasan ng Baterya ng Lithium-ion (Lithium-ion Battery Safety)** ng Departamento ng San Diego Fire-Rescue para sa impormasyon sa pag-iimbak at pag-iingat sa lithium na baterya.

---



## Paglilibot ng Bus sa Tambakan ng Miramar (Miramar Landfill Bus Tour)



**Lokasyon:** Miramar Landfill (5180 Convoy St., San Diego, CA 92111)
**Petsa:** Miyerkules, Des. 11
**Oras:** 9 hanggang 11 a.m.
**Tingnan ang Mga Detalye at Magrehistro**

## Fixit Clinic



**Lokasyon:** Mountain View Community Center
(641 S Boundary St., San Diego, CA 92113)
**Petsa:** Sabado, Ene. 11
**Oras:** Tanghali hanggang 3 p.m.
**Tingnan ang Mga Detalye at Magrehistro**

## Fixit Clinic



**Lokasyon:** Serra Mesa-Kearny Mesa Branch Library
(9005 Aero Dr., San Diego, CA 92123)
**Petsa:** Sabado, Ene. 18
**Oras:** Tanghali hanggang 3 p.m.
**Tingnan ang Mga Detalye at Magrehistro**

## Fixit Clinic



**Lokasyon:** Scripps Ranch Recreation Center
(11454 Blue Cypress Dr., San Diego, CA 92131)
**Petsa:** Sabado, Peb. 8
**Oras:** Tanghali hanggang 3 p.m.
**Tingnan ang Mga Detalye at Magrehistro**

Para sa buong listahan ng mga paparating na workshop, mga webinar at mga kaganapan bisitahin ang aming **webpage ng Mga Event sa Pag-recycle**.

# Sumali sa Pag-uusap para sa Mas Malinis, Mas Berdeng San Diego



Gusto naming makarinig mula sa iyo! Ang Lungsod ng San Diego ay naghahanap ng input ng komunidad mula sa mga San Diegans na nakatanggap ng mga serbisyo sa pagkolekta ng basura at pag-recycle mula sa Environmental Services Department (ESD).

Maaari kang sumali sa usapan sa pamamagitan ng pagkuha ng BAGONG palatanungan tungkol sa mga kagustuhan sa mga serbisyo at kaugnay na gastos, na matatagpuan sa **cleangreensd.org/questionnaire/.**

Ang isa pang paraan sa paglahok ay sa pamamagitan ng pagdalo sa aming final open house na pagpupulong upang suriin ang antas at uri ng mga serbisyong ibinibigay ng ESD at kung paano ito Makakaapekto sa halaga ng pangongolekta ng basura para sa mga residential na tirahan.

**Dec.**
**10**

**Open House ng Konseho ng Distrito 1**
**Lokasyon:** Pacific Beach Library Community Room
(4275 Cass St., San Diego, CA 92109)
**Oras at petsa:** 5:30 hanggang 7 p.m., Dis. 10

Para matuto pa bisitahin ang **cleangreensd.org**.

## Kailangan ng Tulong sa Pag-recycle?

Tumawag sa sa **libreng Recycling Call Center** para makipag-ugnayan sa eksperto ng I Love A Clean San Diego!
**Tumawag sa:** 800-237-2583
**Email:** hotline@cleansd.org

## Direktoryo ng Pag-recycle, Pagkukumpuni, Pag-donate

Ang **WasteFreeSD** ay isang regional directory para matulungan ang mga residenteng makahanap ng mga lugar na makaka-ayos ng sirang gamit o tumatanggap ng mga donasyon ng mga pinagsawaang gamit. Inilista din ng direktoryo ang mga lokasyon na tumatanggap ng malalaking gamit at mga appliance para sa muling paggamit, pag-recycle o pagtatapon. Bisitahin ang **WasteFreeSD.org** para sa karagdagang impormasyon.

**Ang Departamento Mga Serbisyong Pangkapaligiran ng Lungsod ay nakipagsosyo sa:**

I Love a Clean San Diego

Solana Center FOR ENVIRONMENTAL INNOVATION




**Nakaligtaan ang Aming Nakalipas na Newsletter?**

**Maghanap ng nakalipas na mga newsletter sa aming Mga Publikasyon.**